**NAETISL**
National Association of Educational Translators and Interpreters of Spoken Languages

**MODDC**
Missouri Developmental Disabilities Council

# Pagtatapos para sa mga mag-aaral na may kapansanan: Isang Gabay sa Magulang

Funding for the Supporting Language Access in Schools Project in Missouri provided by the Missouri Developmental Disabilities Council, was supported by the Administration for Community Living (ACL), U.S. Department of Health and Human Services (HHS) as part of a financial assistance award totaling $1,361,246 with 100 percent funding by ACL/HHS. The contents are those of the author(s) and do not necessarily represent the official views of, nor an endorsement, by ACL/HHS, or the U.S. Government.

naetisl@gmail.com
www.naetisl.org
NAETISL
Follow us
MODDC
moddc@moddcouncil.org
www.moddcouncil.org

## *Pagtatapos para sa mga mag-aaral na may kapansanan: Isang Gabay sa Magulang*

**Kailangan bang matugunan ng mga mag-aaral na may kapansanan ang mga kinakailangan sa pagtatapos na tulad ng ibang mag-aaral?**
Hindi lagi. Maaaring i-adjust ang mga kinakailangan sa pagtatapos para sa mga mag-aaral na may kapansanan upang matugunan ang kanilang indibidwal na pangangailangan. Samantalang ang ilang mga estudyante ay nakakakuha ng karaniwang diploma, ang iba ay maaaring sumunod sa isang binagong landas na nagbibigay-daan pa rin sa kaniya para sa matagumpay na pagtatapos ng high school.

**Ano ang nagdedetermina kung paano makakapagtapos ang isang mag-aaral na may kapansanan?**
Tinutukoy ng koponan ng Programa ng Edukasyon para sa Indibidwal (IEP) ang landas ng mag-aaral patungo sa pagtatapos. Ang desisyong ito ay batay sa:

- Mga lakas, pangangailangan, at mga layunin sa edukasyon pagkatapos ng high school ng mag-aaral
- Uri at kalubhaan ng kapansanan
- Pag-unlad sa mga pamantayan sa akademiko at mga layunin ng IEP

**Anong mga uri ng diploma o opsyon sa exit ang maaaring magamit?**
Ang mga opsyob sa pagtatapos ay nag-iiba ayon sa estado, ngunit kasama dito kadalasan ang

- Pamantayan/Regular na Diploma
    - Natutugunan ng mag-aaral ang lahat ng pangkalahatang kinakailangan sa edukasyon, nang posibleng may mga akomodasyon.

- Binagong Diploma o Sertipiko ng Pagkumpleto
    - Nakumpleto ng mag-aaral ang kurso batay sa mga binagong pamantayan, na madalas ay naaangkop sa kaniyang IEP. Maaaring hindi nito natutugunan ang mga kinakailangan sa pagpasok sa kolehiyo ngunit nagpapakita pa rin ito ng mga naabot
- IEP o Alternatibong Diploma
    - Natutugunan ng mag-aaral ang mga layunin na itinakda sa kaniyang IEP sa halip na karaniwang kurso. Ang landas na ito ay karaniwang para sa mga mag-aaral na may mas mabigat na mga kapansanan
- Sertipiko ng Pagdalo o Pagkumpleto
    - Iniisyu kapag hindi natugunan ng mag-aaral ang mga kinakailangan sa diploma ngunit nakumpleto niya ang kaniyang programa sa IEP, at pumasok siya sa paaralan hanggang sa edad na 21.

**Sino ang nagdedesisyon kung aling opsyon sa pagtatapos ang pinakamainam?**

Ang koponan ng IEP, na may input mula sa mag-aaral at pamilya, ang gumagawa ng desisyong ito. Karaniwang nagsisimula ang pagpaplano sa edad na 14 -16 bilang bahagi ng mga serbisyo ng transisyon sa IEP. Mahalaga na:

- Suriin nang maaga ang mga opsyon sa pagtatapos
- Unawain kung paano nakakaapekto sa mga oportunidad sa hinaharap ang bawat landas
- Regular na bisitahin ang desisyon habang nasa high school

**Maaari bang palitan ng isang mag-aaral ang kaniyang landas ng pagtatapos?**

Oo. Ang mga plano sa pagtatapos ay dapat suriin nang hindi bababa sa isang beses sa isang taon. Kung nagbabago ang pagganap, mga layunin, o kakayahan ng mag-aaral, maaaring i-adjust ng koponan ng IEP ang landas ng pagtatapos sa naaayon.

**Ano ang epekto ng iba't ibang uri ng diploma?**

Ang bawat opsyon ay maaaring makaapekto sa mga plano sa hinaharap ng mag-aaral:

- Karaniwang diploma
  - Karaniwang kinakailangan para sa kolehiyo, militar, o kompetitibong trabaho
- Binago o diploma ng IEP
  - Maaaring tanggapin ng ilang mga paaralan sa kalakalan o sinusuportahang programa sa pagtatrabaho ngunit maaaring hindi nito matugunan ang tradisyonal na pamantayan ng kolehiyo
- Sertipiko ng pagpasok/pagkumpleto
  - Kinikilala ang pagsisikap at paglago ngunit hindi ito katumbas ng diploma

**Paano susuportahan ng mga magulang ang kanilang anak sa pamamagitan ng prosesong ito?**

Gumaganap ka ng isang mahalagang papel sa pagtulong sa iyong anak na magtagumpay. Maaari mong:

- Hilingin sa paaralan na ipaliwanag ang lahat ng mga opsyon sa diploma o exit

- Hikayatin ang iyong anak na ipahayag ang kaniyang mga layunin sa hinaharap
- Tulungan ang iyong anak na tuklasin ang mga interes sa karera, kolehiyo, o pagsasanay
- Dumalo at lumahok sa lahat ng mga pagpupulong ng IEP at transisyon
- Tiyaking umaayon ang plano ng pagtatapos sa mga lakas at pangmatagalang layunin ng iyong anak

**Ano ang mangyayari kung mananatili ang aking anak sa paaralan paglagpas niya ng edad na 18?**
Ang mga mag-aaral na may kapansanan ay may karapatan sa mga espesyal na serbisyo sa edukasyon hanggang sa edad na 21 (o hanggang sa makatanggap sila ng diploma, alinman ang unang mangyari). Kung ang iyong anak ay nangangailangan ng dagdag na panahon upang matuto ng mga kasanayan sa akademiko, bokasyon, o buhay, maaari siyang patuloy na makatanggap ng suporta kahit na matapos na ang kaniyang mga kasabay.

**Paano ako makakakuha ng tulong sa aking wika?** Humiling ng mga serbisyo ng interpreter sa paaralan ng iyong anak o sa tanggapan ng distrito ng paaralan. Humiling ng isinalin na nakasulat na impormasyon kung kailangan. Ang impormasyong nagagamit ng lahat ng mga magulang sa distrito ng paaralan ay dapat nagagamit mo din.

Mga tip para sa mga pamilya:

- Huwag matakot na magtanong!

- Hilingin sa paaralan na ipaliwanag kung paano ginagawa ang mga desisyon sa pagtatapos at kung paano nakakaapekto ang mga iyon sa hinaharap ng iyong anak

Ang pagtatapos ay dapat sumasalamin sa indibidwal na pag-unlad at potensyal ng iyong anak. Ang paglalakbay ng bawat mag-aaral ay natatangi, at ang layunin ay matapos ang iyong anak sa high school gamit ang mga kasanayan, kumpiyansa, at suporta na kailangan niya upang makasulong.